

Impormasyon sa Nauna nang Naitakdang Kautusan sa Pangangalaga sa Kalusugan ng California (California Advance Health Care Directive Information)

Binibigyan kayo ng pagkakataon sa form na ito na magsabi kung paano ninyo gustong magamot kapag nagkaroon ng malubhang karamdaman. Pinahihintulutan nito kayong:

- **Pumili ng kinatawan sa pangangalaga sa kalusugan (health care agent).** Ang kinatawan sa pangangalaga sa kalusugan ang taong makakapagdesisyon para sa inyo kaugnay ng paggamot sa inyo kung labis na kayong nasa malubhang kalagayan para magpasya para sa sarili.
- **Gawin ang sariling desisyon para sa pangangalagang pangkalusugan.** Mapipili ninyo ang uri ng pangangalagang pangkalusugan gusto ninyo kung masyado nang malubha ang kalagayan ninyo para makapagpasya pa para sa sarili, at hindi na kailangan manghula ng mga nagangangalaga sa inyo kung ano ang gusto ninyo.

Ano ang mangyayari kapag hindi ako pumili ng kinatawan sa pangangalaga sa kalusugan?

Kung masyado nang malubha ang kalagayan ninyo para makapagpasya pa para sa sarili, hihilingin ng inyong mga doktor sa inyong pinakamalapit na kapamilya na magpasya para sa inyo. Kung gusto ninyo ng kinatawan bukod sa inyong pamilya, kailangang isulat ninyo ang pangalan niya sa form.

Anong uri ng mga desisyon ang magagawa ng aking kinatawan sa pangangalaga sa kalusugan?

Sumang-ayon, humindi, baguhin, magpatigil o mamili ng:

- ✓ mga doktor, nars, social worker
- ✓ mga ospital o klinika
- ✓ mga paggamot o test
- ✓ kung ano ang mangyayari sa inyong katawan o mga organo pagkamatay ninyo

Iba pang mga desisyon na magagawa ng inyong kinatawan:

- ✓ **Mga paggamot na pansuporta sa buhay** – medikal na pangangalaga na sumusubok na pahabain pa ang inyong buhay
- ✓ **Pagpapanumbalik ng hininga (CPR o cardiopulmonary resuscitation)** - puwedeng kasama rito ang:
 - mariing pagdiin sa inyong dibdib para mapanatiling dumadaloy ang inyong dugo
 - de-koryenteng paggulat (electrical shock) para pumintig muli ang inyong puso
 - mga gamot sa inyong ugat
- ✓ **Makinang para sa paghinga (breathing machine or ventilator)** - Nagdadala ng hangin sa baga ninyo ang makinang ito at humihinga para sa inyo. Hindi kayo makapagsasalita habang gumagamit kayo ng makinang ito.
- ✓ **Dialysis** - Ang makinang maglilinis sa dugo ninyo kapag pumalya na ang inyong bato.
- ✓ **Tubo sa Pagkain (Feeding Tube)** - Ang tubo na magpapakain sa inyo kapag hindi na kayo makalunok. Ipinapasok ang tubo sa lalamunan ninyo papunta sa bituka. Maipapasok din ito sa inyong bituka sa pamamagitan ng pag-ooopera.
- ✓ **Pagsasalin ng dugo** - Upang masalinan ng dugo ang inyong mga ugat.
- ✓ **Pag-ooopera**
- ✓ **Mga gamot**
- ✓ **Pangangalaga sa mga Huling Sandali ng Buhay (End of life care)** – kung hindi magtatagal at mamamatay na kayo, magagawa ng inyong kinatawan na:
 - tumawag ng espirital na lider
 - magpasya kung sa bahay o ospital kayo mamamatay

Sasagutin ng inyong tagabigay ng pangangalagang pangkalusugan ang anumang katanungan tungkol sa mahalagang dokumentong ito.

~ Kung gusto ninyo ng form ng Nauna nang Naitakdang Kautusan (Advance Directive), hingin ito sa sinuman sa mga kawani ng klinika ~

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Nauna nang Naitakdang Kautusan na Pangangalaga sa Kalusugan bisitahin ang <https://www.sfhp.org/providers/provider-forms/>